ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 05

NAG-AATAS SA PAGLIKHA NG "INTER-AGENCY TASK FORCE ON 2019-nCoV" SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, noong Disyembre 31, 2019, ipinahayag ng *WHO China Country Office* ang mga kaso ng pulmonya ng hindi kilalang dahilan mula sa Lungsod ng Wuhan, Lalawigan ng Hubei sa China. Ito ay kalaunan na tinukoy na sanhi ng isang bagong uri ng *coronavirus* na ngayon pa lamang nakita sa tao, at tinawag na *2019-Novel Coronavirus Acute Respiratory Disease (2019-nCoV ARD);*

SAPAGKAT, Ang *2019-nCoV* ay nagsimula na ring kumalat sa ilang mga bansa, kabilang ang Pilipinas, at nagpahayag ang *World Health Organization* na ang *2019-nCoV outbreak* ay isa ng *Public Health Emergency of International Concern* noong Enero 30, 2020;

SAPAGKAT, Noong Pebrero 2, 2020, ang Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay naglabas ng isang direktiba ukol sa pagpigil at neutralisasyon ng pagkalat ng *2019 Novel Coronavirus Acute Respiratory Disease (2019-nCoV ARD*) kung saan ang lahat ng pinuno ng mga kagawaran, ahensya, tanggapan, at mga instrumento ng pamahalaan ay pinatnubayan upang magpatibay, makipag-ugnayan, at magpatupad ng mga patnubay at iba pang alituntunin na ilalabas ng *"Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases in the Philippines"* na nilikha sa pamamagitan ng *Executive Order No. 168, s. 2014*, kasama ang Kagawaran ng Kalusugan bilang Tagapangulo;

SAPAGKAT, may pangangailangan sa paglikha ng isang *Inter-Agency Task Force* upang maipatupad ang mga protokol at patnubay mula sa Kagawaran ng Kalusugan at iba pang ahensya ng pamahalaan upang matugunan ang banta sa dagliang pagkalat ng *2019-nCoV ARD*;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. PAGLIKHA NG "INTER-AGENCY TASK FORCE ON 2019-nCoV"- Sa pamamagitan ng Atas na ito ay nililikha ang *Inter-Agency Task Force on 2019-nCoV* (*Task Force nCoV* para sa kaigsian) sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, na binubuo ng mga sumusunod:

Tagapangulo	:	**IGG. RICARDO M. SILVESTRE** Punong Bayan
Pangalawang Tagapangulo	:	**DR. CECILIA S. MARAMBA** Pambayang Tanggapan ng Kalusugan
Kasapian	:	**IGG. MARLON O. VILLAMAR** Tagapangulo, SB Lupon ng Kalusugan
		IGG. ORESTES L. JACINTO Pangulo, Liga ng mga Barangay
		G. WILFREDO D. DIAZ Pambayang Tagapangasiwa
		G. FROILAN R. ANGELES Kawaksing Tagapagpaganap
		ENGR. MAGTANGGOL C. SAN MIGUEL Pambayang Tanggapan ng Pag-iinhinyero
		ENGR. REYNALDO S. BUENAVENTURA Pambayang Seksyon ng Kapaligiran at Likas na Yaman

GNG. DOROTHY B. BONIFACIO
Pambayang Seksyon ng Pagbabawas ng Panganib
at Pamamahala ng Sakuna

G. REYMOND ALLAN O. SANTOS
Sentrong Atasan sa Pampublikong Kaligtasan

G. RHYAN D. DELOS REYES
Pambayang Seksyon ng Impormasyong Pampubliko

DR. JONAR C. DAVID
Tagamasid Pampurok, DepEd Marilao North District

DR. MAXIMO C. HERRERA
Tagamasid Pampurok, DepEd Marilao South District

GNG. ANN CONCEPCION-NATIVIDAD
Association of Private Schools in Marilao (APRISM)

LT. COL. AMADO A. MENDOZA, JR.
PNP- Marilao

G. ISMAEL B. SANTIAGO
Opisyal sa Pangangasiwa ng Pamahalaang Lokal

Kalihiman : Sentrong Atasan sa Pampublikong Kaligtasan

SEKSYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD. - Ang *Task Force nCoV* ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

a. Magsagawa ng mga kaukulang pagpupulong sa pamayanan upang magbigay ng direktang kamalayan para sa kapakinabangan ng lahat ng mga nasasakupan ng bayan ng Marilao, at maglabas ng mga *public advisories* hinggil sa mga hakbangin at pagtuturo sa pagpapanatili ng wastong kalinisan upang maiwasan ang *mass hysteria*, takot o *panic* sa komunidad;

b. Isagawa ang mga sistema ng Kagawaran ng Kalusugan upang makilala at matulungan ang mga apektadong mamamayan na pinaghihinalaan o nakumpirma na nahawahan ng *2019-nCoV;*

c. Magsagawa ng agarang pagsasanay, sa pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Kalusugan, ang mga *Barangay Health Workers* pati na rin ang bumubuo ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan para sa pag-iwas at pagkontrol ng *2019-nCoV*;

d. Matugunan ang lahat ng mga alalahanin at gumawa ng mahigpit na koordinasyon para sa pakikipagtulungan ng lahat ng kaugnay na ahensya;

e. I-*sanitize* ang mga ambulansya na naghahatid ng mga pasyente sa iba't ibang ospital;

f. I-*sanitize* ang mga pampublikong paaralan at mga pasilidad ng munisipyo, at tiyakin na sumusunod sa direktiba ng DepEd ang lahat ng mga pribadong paaralan; at

j. Magsagawa ng iba pang mga kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan.

SEKSYON 3. **PAGPUNO SA BAKANTE.** Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng *Task Force nCoV* ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng Punong Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay ***ipso facto*** na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 4. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 6. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**26** ng **Pebrero**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan